JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 2 - Modyul 1:
## Pangako



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Naranasan mo na ba ang mangako o makipagkasunduan sa iyong magulang, kapatid, kaibigan o maging sa iyong guro? Natupad mo ba ang mga ito?

Ang pagtupad sa ipinangako o pinagkasunduan ay isang ugaling hangad natin na taglay ng bawat taong makakasalamuha natin.

Sa iyong sariling pananaw, nararapat ba na tumupad tayo sa ating ipinangako sa lahat ng pagkakataon? Ano ba ang kabutihang maidudulot nito sa ating sarili at kapwa? Sa iyong palagay, paano ipinakikita ang pagkamapanagutan sa pagtupad ng pangako?

Sa modyul na ito, iyong matutunan ang kahalagahan ng pagtupad sa pangako o pinagkasunduan at kung paano nagiging tanda ng pagkamapanagutan ang pagtupad sa mga pangako.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

4. Naipakikita ang kahalagahan ng pagiging responsable sa kapwa:
    4.1 pangako o pinagkasunduan
        **EsP6P-IIa-c-30**

| | |
|---|---|
| **Modyul 1** | **PANGAKO** |




# Balikan

Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan ang mga pinagkukunan ng mga impormasyon na maaaring maging gabay sa paggawa ng tamang pasya. Sa modyul na ito, inaasahang mas mapapalalim pa ang kabuluhan ng paggawa ng tamang pasya na may kinalaman sa pagtupad ng mga binitawang pangako o pinagkasunduan sa kapwa.

Gawain: **Crossword Puzzle**

**Panuto:** Sagutin ang crossword puzzle tungkol sa pinagkukunan ng mga impormasyon at isulat sa sagutang papel.



**PABABA**

1. Isang makina o electronic device na ginawa para mapabilis ang mga gawain tulad ng pagbibilang o pagkokompyut

2. Tinatawag din na peryodiko o pahayagan

3. Pinaikling salita na international networking kung saan ginagamit ng mga tao upang mas madaling makakuha ng mga impormasyon

**PAHALANG**

4. Pinagsama-samang mga nailimbag na salita sa papel; naglalaman din ito ng patuturo, direksyon, paggamit, aral at tagubilin.

5. Isang sistemang telekomunikasyon para sa pagpapahayag ng mga gumagalaw ng mga larawan at tunog sa kalayuan.

6. Isang teknolohiya na pinahihintulutan ang pagpapadala ng mga hudyat (signals) sa pamamagitan ng modulation ng electromagnetic waves na may frequency na mas mababa kaysa liwanag.



# Tuklasin

Sa bahaging ito, mapag-aaralan mo ang kahalagahan ng pagtupad sa mga pangako o pinagkasunduan.

Basahin ang mga paalala upang matulungan kang makamit ito.

Pangako: May Kakambal na Pananagutan

*Nenita Impreso-de Vega*

Ang lahat ay nakararanas na mabigyan ng pangako, at nagbibigay din tayo ng panngako.

Ang tanong, iniisip ba natin ang anumang pangakong ibinibigay natin? Paano kung may mga pagkakataong hindi natin iyon natutupad dahil simple lang ang ipinangako, kaya puwede itong hindi tuparin. Ang bawat pangako na binibitawan ay may bigkis na pananagutang dapat itong tuparin.

Narito ang ilan sa mga paalala upang matulungan tayo sa ating pagsisikap na maging mapanagutan sa bawat pangakong ating binibitawan.

1. Laging isipin na "Ang pangako ay pangako." Walang simple o kumplikado o mahirap o madaling gawing mga pangako, dahil ang laging nakabigkis sa ating mga salita ay ang pananagutan sa pagtupad nito.
2. Mag-sisip muna ng mabuti bago magbigay ng pangako. Yun lang kaya mong gawin ang ipangako. Sabi nga, "Huwag mong ipangako ang buwan, kung hindi mo ito kayang ibigay."
3. Laging pag-isipan na bawat pangakong ibinibigay sa iba ay kontrata din sa iyong sarili. Higit sa lahat, ayaw natin mapahiya sa iba.
4. Maghanda rin sa mga "hindi maiiwasang pangyayari" na maaaring maging hadlang sa iyong ibinigay na pangako, halimbawa ikaw o ibang kasapi ng pamilya ay nagkasakit, mayroon biglaang problema sa tahanan o paaralan, at iba pang mga pangyayaring di-maiiwasan. Kapag nangyari ito, buong katapatang humingi ng paumanhin.
5. Tandaan na ang pagtupad sa pangako ay larawan ng iyong katapatan sa kapuwa.

Higit sa lahat, ang pagiging mapanagutan sa pagtupad ng pangako ay tanda ng mabuting pagkatao o karakter. Ang karakter ang nagpapatibay sa pagkakaroon ng tiwala ng bunga ng pagiging mapanagutan.

Ang iyong salita ay mahalaga. Tuparin ang bawat pangako.



# Suriin

Sa bahaging ito, mas mapapalalim ang iyong pang-unawa sa kahalagahan ng pagtupad sa pangako o pinagkasunduan na maaaring maging bunga ng isang ugnayan na may tiwala sa isa't isa.

> Ang pagtupad sa pangako o kasunduan ay tanda ng pagkamapanagutan dahil ang taong responsable ay ginagawa ang kanyang sinasabi o binibitawang pangako.
>
> Hangarin ng bawat isa sa atin ang makasalamuha ang mga taong "may isang salita" o may pananagutan sa kasunduan. Sa madaling sabi, hangad nating makasama ang mga taong tumutupad sa pangako o pinagkasunduan. Ito ay dahil alam natin na ang pagtatagal at ikagaganda ng bawat ugnayan sa pagitan ng mga tao ay nakasalalay sa tiwalang ipinagkaloob ng bawat isa sa kaniyang kasama.
>
> Sa kabilang dako, bawat isa sa atin ay umiiwas na magkaroon ng pagdududa sa katapatan ng pakikitungo ng ibang tao sa atin dahil ang isang ugnayan na walang tiwala sa isa't isa ay tiyak na hindi magtatagumpay sa pagkakaroon ng magandang ugnayan sa kapwa.

Palalimin ang iyong pang-unawa sa binasang konsepto sa itaas sa pamamagitan ng pagsagot sa sumususnod na katanungan:

1. Tinutupad mo ba ang mga ipinangangako mo? Bakit?
   ____________________________________________
2. Masasabi mo ba na "ako ay may isang salita"? Bakit?
   ____________________________________________
3. Mapanghahawakan kaya ng mga tao ang iyong sinasabi? Bakit?
   ____________________________________________
4. Sa iyong palagay, paano ipinakikita ang pagkamapanagutan sa pagtupad ng pangako?
   ____________________________________________
   ________________________________




# Pagyamanin

## Pagtatasa 1

Gawain: **Concept Mapping**

**Panuto:** Pag-aralan ang graphic organizer sa ibaba. Punan ang mga kahon sa ibabang bahagi ng concept map ng mga maaaring maging bunga ng pagtupad o di-pagtupad sa pangako o pinagkasunduan.



## Pagtatasa 2

**Panuto:** Sumulat ng liham sa iyong mga magulang tungkol sa pagtupad ng isang pangako sa kanila. Gawin ito sa sagutang papel.

**Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata**

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | **Malinaw** na naipahayag ang ideya sa isinulat na liham. **Lahat** ng pangungusap na ginamit ay malinaw. | **Hindi masyadong malinaw ngunit may punto** ang pahayag sa liham. **1-2 sa mga pangungusap na ginamit ang hindi malinaw** | **Malayo** sa paksa ang naisulat na liham. |
| 2. Organisasyon | **Mahusay** ang pagkakasulat ng liham. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. May **panimula, katawan at konklusyon.** | **Maayos** ang pagkakasulat ng liham. **1** sa **3** bahagi ng talata ang hindi naipamalas nang wasto | **Hindi maayos** ang pagkakasulat ng liham. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. |



# Isaisip

**Panuto:** Sumulat ng isang talata tungkol sa mga maaaring mangyari kung ang bawat tao ay hindi gaganap sa kaniyang pananagutan. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

**Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Talata**

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 2 |
| 1. Nilalaman | **Malinaw** na naipahayag sa talata ang maaaring mangyari kung ang bawat tao ay hindi gaganap sa kaniyang pananagutan. **Lahat** ng pangungusap na ginamit ay malinaw. | **Hindi masyadong malinaw ngunit may punto** ang pahayag sa talata ang maaaring mangyari kung ang bawat tao ay hindi gaganap sa kaniyang pananagutan. **1-2 sa mga pangungusap na ginamit ang hindi malinaw** | **Malayo** sa paksa ang naisulat na talata. |
| 2. Organisasyon | **Mahusay** ang pagkakasulat ng talata. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. May **panimula, katawan** at **konklusyon.** | **Maayos** ang pagkakasulat ng talata. **1** sa **3** bahagi ng talata ang hindi naipamalas nang wasto | **Hindi maayos** ang pagkakasulat ng talata. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. |



# Isagawa

**Panuto:** Alalahanin ang isang pangakong binitawan mo. Punan ang patlang ng mga angkop na kasagutan sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Pangakong binitawan: ____________________________________________________________
   ______________________________________________
2. Kanino ipinangako: ____________________________________________
3. Dahilan ng **HINDI** pagtupad: ____________________________________________________________
   ______________________________________________
4. Ano ang naramdaman mo nang **HINDI** mo natupad ang iyong pangako? ____________________________________________________________
   ______________________________________________
5. Ano ang ginawa mo matapos mong **HINDI** matupad ang iyong pangako? ____________________________________________________________
   ______________________________________________



# Tayahin

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang magiging reaksyon mo kung may usapan kayo ng mga kaibigan mo na manood ng cultural show sa plasa at nakatakda kayong magkita-kita sa hintayan ng sasakyan malapit sa inyong paaralan ng ika-5 ng hapon ngunit hindi dumating ang mga kaibigan mo at nalaman mong nauna na sila sa plasa?
   A. Iiyak at hindi makikipag-usap sa kanila sa susunod na makita sila
   B. Magpapasalamat na habang maaga pa ay napatunayan mo na ang kanilang totoong pagkatao
   C. Kakausapin sila tungkol sa nangyari at sasabihin kung ano ang naramdaman tungkol doon
   D. Awayin sila at huwag na muling makipagkaibigan sa kanila

2. Bakit mahalaga ang pagtupad sa mga ipinangako mo sa iyong kapwa?
   A. Upang mapanitili ang magandang ugnayan at tiwalang ipinagkaloob sa kapwa
   B. Upang maging sikat at magmukhang mabait sa paningin ng kapwa
   C. Upang maipagmayabang mo ang iyong nagawa sa kapwa
   D. Upang magkaroon ng utang na loob sa iyo ang iyong kapwa

3. Ano ang gagawin mo kung sakaling **HINDI** mo natupad ang binitawang pangako sa iyong kapwa?
   A. Umiwas sa taong pinangakuan at magkunwaring walang nangyari
   B. Humingi ng paumanhin at ipaliwanag nang mabuti ang dahilan ng hindi pagtupad sa pangako
   C. Magpanggap na nakalimutan ang napag-usapan at muling mangangako sa kapwa kahit hindi siguradong matutupad ito
   D. Balewalain ang maaaring maramdaman ng taong pinangakuan

4. Bakit nagiging tanda ng pagkamapanagutan ang pagtupad sa pangako?
   A. Dahil ang pagtupad sa pangako ay ginagawa lamang sa piling tao
   B. Dahil lahat ng tao sa mundo ay may isang salita
   C. Dahil ang taong tumutupad sa pangako ay walang kaalitan
   D. Dahil ang taong responsable ay ginagawa ang kaniyang sinasabi o pinapangako

5. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang maaaring maging bunga ng **HINDI** pagtupad sa pangako o pinagkasunduan?
   A. Pagkawala ng tiwala sa kapwa
   B. Pagkakaroon ng kapayapaan
   C. Pagkakaroon ng maraming kaibigan
   D. Pagiging mapagmataas



# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

- Computer
- Diyaryo
- Internet
- Aklat
- Telebisyon
- Radyo

**Tayahin**

1. C
2. A
3. B
4. D
5. A

## *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon, *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*, Batayang Aklat, 32, 40-45



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ma. Crizel T. Manicap
Teacher 1, Badjao Floating Elementary School
Isabela Island District II, Isabela City Schools Division

**Editor:** Julakmad I. Mohammad, School Head

**Tagasuri:** Naser P. Elang, Ed. D. (PSDS, Island District II)

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Nadzhar A. Bakil, Teacher I

**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, OIC- SDS
Maria Laarni T. Villanueva, OIC- ASDS
Eduardo G. Gulang, SGOD Chief
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.